OFFICE FOR CIVIL RIGHTS

# PAGBABAHAGI NG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN SA MGA MIYEMBRO NG PAMILYA AT KAIBIGAN

Mayroong pederal na batas na tinatawag na Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA), na nagtatag ng mga patakaran para sa mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan at mga planong pangkalusugan tungkol sa kung sino ang maaaring makakita at makakatanggap ng iyong impormasyong pangkalusugan, kabilang ang mga pinakamalapit sa iyo – mga miyembro ng iyong pamilya at mga kaibigan. Sinisiguro ng Patakaran sa Pagkapribado ng HIPAA na mayroon kang mga karapatan patungo sa iyong impormasyong pangkalusugan, kasama ang karapatan na kunin ang iyong impormasyon, siguruhin na ito ay tama, at alamin kung sino ang nakakita na nito.

## Ano ang Mangyayari Kung Nais Mong Ibahagi ang Impormasyong Pangkalusugan sa Miyembro ng Pamilya o Isang Kaibigan?

Inaatasan ng HIPAA ang karamihan sa mga doktor, nurse, ospital, mga nursing home, at ibang mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan na protektahan ang pagkapribado ng iyong impormasyon sa kalusugan. Gayunpaman, kung hindi ka tumanggi, ang tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o planong pangkalusugan ay maaaring magbahagi ng makabuluhang impormasyon sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na kaugnay sa pangangalaga ng iyong kalusugan o sa pagbayad sa pangangalaga ng iyong kalusugan sa ilang mga pagkakataon.

## Kailan Maibabahagi ang Iyong Impormasyon sa Kalusugan

- Sa ilalim ng HIPAA, maaaring ibahagi ng iyong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan ang iyong impormasyon nang harapan, sa pamamagitan ng telepono, o nakasulat. Ang tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o planong pangkalusugan ay maaaring magbahagi ng makabuluhang impormasyon kung:
- Ibinigay mo sa iyong tagapagbigay o plano sa pangangalaga sa kalusugan ang pahintulot na ibahagi ang impormasyon.
- Naroon ka at hindi ka tumanggi na ibahagi ang impormasyon.
- Wala ka roon at natukoy ng tagapagbigay-pangangalaga na batay sa paghatol na ito ay nasa iyong pinakamabuting interes.

## Mga Halimbawa:

- Maaaring talakayin ng doktor sa emergency room ang iyong paggamot sa harap ng iyong kaibigan noong pinapasok mo ang kaibigan mo sa treatment room o kuwarto ng gamutan.
- Maaaring talakayin ng iyong ospital ang bayarin mo sa iyong anak na babae na kasama mo at may tanong tungkol sa mga singil, kung hindi ka tumanggi.
- Maaaring talakayin ng iyong doktor sa iyong tagapangalaga na sumama sa iyo sa iyong appointment, ang mga gamot na kailangan mong inumin.
- Ang iyong nurse ay **hindi** maaaring tumalakay ng iyong kalagayan sa iyong kapatid na lalaki kung sinabi mo sa kanya na huwag.

- Pinahihintulutan din ng HIPAA ang mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan na magbigay ng mga gamot na kailangan ng reseta, mga medikal na supply, mga x-ray, at iba pang mga bagay para sa pangangalaga ng kalusugan sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan o ibang mga tao na iyong pinapunta upang kunin ang mga ito.

Ang tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o planong pangkalusugan ay maaari ring magbahagi ng mahalagang impormasyon kung wala ka o hindi ka makapagbigay ng pahintulot kapag ang tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan o kinatawan ng plano ay naniniwala na batay sa paghatol na ang pagbahagi ng impormasyon ay nasa iyong pinakamabuting interes.

## Mga Halimbawa:

- Nagkaroon ka ng emergency na operasyon at wala ka pang malay. Maaaring sabihin ng iyong doktor sa iyong asawa ang tungkol sa iyong kalagayan, harapan man o sa telepono, habang wala kang malay.
- Maaaring talakayin ng iyong doktor ang mga gamot mo sa iyong tagapangalaga na tumawag sa iyong doktor tungkol sa tanong sa tamang dosis.
- Ang doktor ay **hindi** maaaring magsabi sa iyong kaibigan tungkol sa nakaraang medikal na problema na hindi kaugnay ng iyong kasalukuyang kalagayan.

Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa pagbahagi ng iyong impormasyon sa kalusugan sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan, o para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa HIPAA, bumisita sa **www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/index.html.**